



Glossary of Social Security Terms (Tagalog)

Glossary ng Mga Tuntunin ng Social Security

Term	Tuntunin	Paliwanag
AIME – Average Indexed Monthly Earnings	AIME (Average Indexed Monthly Earnings, Average na Na-index na Buwanang Kita)	Ang halaga ng dolyar na ginamit para kalkulahin ang iyong benepisyo sa Social Security kung umabot ka sa edad na 62 o naging baldado (o namatay) pagkatapos ng 1978. Para makuha ang iyong AIME, isinasaayos namin ang iyong aktwal na mga nakaraang kita gamit ang isang “index ng average na sahod,” para hindi mo mawala ang halaga ng iyong mga nakaraang kita (kapag nagkakahalaga ng higit pa ang pera) kaugnay ng kamakailan mong kita. Kung umabot ka sa edad na 62 o naging baldado (o namatay) bago ang 1978, ginagamit namin ang Average na Buwanang Kita.
AME - Average Monthly Earnings	AME (Average Monthly Earnings, Average na Buwanang Kita)	Ang halaga ng dolyar na ginamit sa pagkalkula ng iyong buwanang benepisyo sa Social Security kung umabot ka sa edad na 62 o naging baldado (o namatay) bago ang 1978. Kinakalkula ang AME sa pamamagitan ng paghahati sa kabuuang kita sa “mga taon ng pagkalkula” sa bilang ng mga buwan sa parehong mga taon na iyon.
Appeal (Appeal Rights)	Apela (Mga Karapatan sa Pag-apela)	Makakatanggap ka ng sulat ng paliwanag sa tuwing gagawa ng desisyon ang Social Security tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo sa Social Security o Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad). Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon, may karapatan kang umapela (hilingin sa amin na suriin ang kaso mo). Kung mali ang desisyon namin, babaguhin namin ito.
Application for Benefits	Aplikasyon para sa mga Benepisyo	Upang makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security, Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) 8 mga pagbabayad, o Medicare, dapat mong kumpletuhin at lagdaan ang isang aplikasyon. Makakapag-aplay ka para sa pagreretiro, kapansanan, Medicare at mga benepisyo ng asawa nang online, personal sa lokal na Tanggapan ng Social Security, o sa pamamagitan ng telepono sa 1-800-772-1213 . Ang aming TTY na numero ay 1-800-325-0778 .

Term	Tuntunin	Paliwanag
Application for a Social Security Card	Aplikasyon para sa Card ng Social Security	Ang form ng aplikasyon na kailangan mong kumpletuhin para makakuha ng numero ng Social Security, o kapalit na card.
Baptismal Certificate	Sertipiko ng Binyag	Isang opisyal na rekord ng relihiyon sa kapanganakan o binyag mo. Sa ilang mga sitwasyon maaari kaming gumamit ng sertipiko ng binyag para tukuyin ang edad mo.
Base Years	Batayang Taon	Sa paunang pagkuwenta, ang mga batayang taon ng trabahador (manggagawa) para sa pagkuwenta ng mga benepisyo ng Social Security ay ang mga taon pagkatapos ng 1950 hanggang sa taon bago ang karapatan sa mga benepisyo sa insurance sa pagreretiro o kapansanan. Para sa claim ng mga nakaligtas, kasama sa mga batayang taon ang taon ng pagkamatay ng trabahador.
Benefit Verification Letter	Sulat ng Pagpapatunay sa Benepisyo	Isang opisyal na sulat mula sa Social Security na nagpapatunay sa halagang natatanggap ng isang indibidwal bawat buwan sa mga benepisyo ng Social Security at/o mga pagbabayad sa Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad). Karaniwang ibinibigay ang mga sulat na ito kasunod ng kahilingan mula sa isang taong tumatanggap ng mga benepisyo o sa awtorisadong kinatawan nito.
Benefits	Benepisyo	<p>Nagbabayad ang Social Security ng limang uri ng mga benepisyo:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagreretiro • Kapansanan • Pamilya (mga dependent) • Nakaligtas • Medicare <p>Nagbabayad ang mga programa sa pagreretiro, pamilya (mga dependent), nakaligtas at may kapansanan ng buwanang mga benepisyo sa pera, at nagbibigay ang Medicare ng medical coverage.</p>

Term	Tuntunin	Paliwanag
Benefits – Reduced	Benepisyo – Pinababa	<p>Makukuha mo ang mga sumusunod na pinababang buwanang benepisyo bago maabot ang buong edad ng pagreretiro:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga benepisyo sa pagreretiro sa edad na 62 hanggang sa buwan bago mo maabot ang Buong Edad ng Pagreretiro; • Ang mga benepisyo ng asawa sa edad na 62 hanggang sa buwan bago mo maabot ang buong edad ng pagreretiro, kung walang anak ang namatay mong asawa na nasa iyong pangangalaga na wala pang 16 na taong gulang o may kapansanan at may karapatan sa mga benepisyo; • Mga benepisyo ng byudo o byuda na nagsisimula sa anumang oras mula sa edad na 60 o 50 kung may kapansanan ka sa buong buwan bago mo maabot ang buong edad ng pagreretiro; • Mga benepisyo ng byudo o byuda, kung nakatanggap ang asawa mo ng benepisyo sa pagreretiro bago ang buong edad ng pagreretiro; • Mga benepisyo sa kapansanan na natanggap pagkatapos ng pinababang benepisyo sa pagreretiro; o • Mga benepisyo sa pagreretiro o kapansanan na natanggap pagkatapos ng pinababang benepisyo ng byudo o byuda. Nalalapat lamang ito kung ipinanganak ka bago ang 1928.
Birth Certificate (Original)	Sertipiko ng Kapanganakan (Orihinal)	<p>Ang rekord na pinananatili ng isang entidad ng pamahalaan tulad ng isang estado, county, parokya, lungsod, o borough na nagdodokumento ng kapanganakan mo.</p>
Child	Anak	<p>Ginagamit namin ang terminong “Anak” para isama ang biyolohikal na anak mo o sinumang iba pang anak na maaaring magmana ng personal mong ari-arian sa ilalim ng batas ng Estado o nakakatugon sa ilang partikular na kinakailangan sa ilalim ng Social Security Act (Batas ng Social Security); tulad ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • legal na inampon na anak, • pantay na inampon na anak, • stepchild, o • apo.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Cost of Living Adjustment (COLA)	COLA (Cost of Living Adjustment, Pag-aayos ng Gastos sa Pamumuhay)	Maaaring awtomatikong tumaas ang mga pagbabayad sa benepisyo ng Social Security at Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) bawat taon para makasabay sa pagtaas ng gastos sa pamumuhay (inflation).
Computation Years	Taon ng Pagkalkula	Ang mga taon ng pagkalkula ay ang mga taon na may pinakamataas na kita na pinili mula sa “mga batayang taon.” Idinagdag namin ang mga kabuuang kita sa mga taon ng pagkalkula at hinahati sa bilang ng mga buwan sa mga taong iyon para makuha ang AME o ang AIME. (Ginagamit namin ang iyong 35 na pinakamatataas na taon ng kita para kalkulahan ang mga benepisyo sa pagreretiro mo.)
CPI-W (Consumer Price Index)	CPI-W (Consumer Price Index, Index sa Presyo ng Mamimili)	Isang index na inihanda ng U. S. Department of Labor (Kagawaran ng Paggawa ng U.S.) na naglalarawan ng pagtaas ng mga gastos para sa mga piling produkto at serbisyo. Ginagamit ang index na ito para kalkulahan ang mga pagsasaayos sa Gastos ng pamumuhay.
Credits (Social Security Credits)	Kredito (Mga Kredito ng Social Security)	Dating tinatawag na “Quarters of Coverage.” Habang nagtatrabaho ka at nagbabayad ng buwis sa Social Security, nakakakuha ka ng mga kredito na binibilang sa pagiging karapat-dapat mo para sa mga benepisyo ng Social Security sa hinaharap. Makakuha ka ng pinakamataas na apat na kredito bawat taon. Nangangailangan ang karamihan sa mga tao ng 40 na kredito para maging kwalipikado sa mga benepisyo. Nangangailangan ang mga nakababata ng mas kaunting kredito para maging kuwalipikado sa mga benepisyo sa kapansanan o nakaligtas.
Decision Notice (Award Letter or Denial Letter)	Paunawa ng Desisyon (Sulat ng Paggawad o Sulat ng Pagtangga)	Kapag nag-aplay ka para sa Social Security, magpapasya kami kung makakatanggap ka ng mga benepisyo. Magpapadala kami sa iyo ng opisyal na sulat na nagpapaliwanag sa aming desisyon at, kung mababayaran ang mga benepisyo, sasabihin namin sa iyo ang halagang makukuha mo bawat buwan.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Delayed Retirement Credits (DRC)	DRC (Delayed Retirement Credits, Naantalang mga Kredito sa Pagreretiro)	<p>Tataas ang mga benepisyo ng Social Security ng isang tiyak na porsyento (depende sa petsa ng kapanganakan) kapag inantala ng isang tao ang pagkuha ng mga benepisyo sa pagreretiro sa lampas ng buong edad ng pagreretiro.</p> <p>Hindi na nalalapat ang pagtaas ng benepisyo pagkatapos ng 70 taong gulang, kahit patuloy na iantala ng isang tao ang pagkuha ng mga benepisyo.</p>
Dependent Benefits	Benepisyo ng Dependent	Tingnan ang Benepisyo ng Pamilya.
Direct Deposit	Direktang Deposito	Ang karaniwang paraan para makatanggap ng mga benepisyo sa Social Security at Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad). Elektronikong ipapadala ang pera mo sa isang account sa isang institusyong pampinansyal (bangko, trust company, savings at loan association, brokerage agency o unyon n]g kredito).
Disability Benefits	Benepisyo sa Kapansanan	<p>Makakakuha ka ng mga benepisyo sa kapansanan kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • nasa buong edad ng pagreretiro • may sapat na mga kredito sa Social Security at • may malubhang medikal na kapansanan (pisikal o mental) na inaasahang hahadlang sa iyong paggawa ng “mahahalagang” trabaho sa loob ng isang taon o higit pa, o may kondisyon na inaasahang magreresulta sa kamatayan.
Documents (Proofs)	Dokumento (Katibayan)	Mga form at papeles tulad ng sertipiko ng kapanganakan, sertipiko sa kasal, W2 forms, sertipiko ng buwis, deeds, atbp., na isinumite ng mga indibidwal na nag-a-apply para sa mga benepisyo at serbisyo. Maaari lamang kaming tumanggap ng mga orihinal o kopyang pinatunayan ng ahensyang may hawak ng orihinal na dokumento.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Early Retirement	Maagang Pagreretiro	<p>Maaari kang magsimulang makakuha ng mga benepisyo sa pagreretiro ng Social Security sa edad na 62 kung may insurance ka, ngunit mas mababa ang halaga ng benepisyo mo kaysa sa makukuha mo kung maghihintay ka hanggang sa buong edad ng pagreretiro mo.</p> <p>Kung maaga mong kukunin ang mga benepisyo sa pagreretiro, permanenteng mababawasan ang benepisyo mo, batay sa bilang ng mga buwan na natanggap mo ang mga benepisyo bago ka umabot sa buong edad ng pagreretiro.</p>
Early Retirement Age	Maagang Edad ng Pagreretiro	62 taong gulang.
Earnings Record (lifetime record of earnings)	Rekord ng Kita (buong buhay na rekord ng kita)	Isang kronolohikal na kasaysayan ng halaga ng perang kinita mo bawat taon habang nagtatrabaho ka. Mananatili ang mga kredito na nakuha mo sa Social Security record mo kahit na lumipat ka ng trabaho o walang kinita.
Evidence (Proofs)	Ebidensya (Katibayan)	Ang mga dokumento na dapat mong isumite para suportahan ang kadahilanan ng karapatan o halaga ng pagbabayad. Maipaliliwanag ng mga tao sa iyong tanggapan ng Social Security kung anong ebidensya ang kinakailangan para maitatag ang karapatan at tutulungan kang makuha ito.
Family Benefits (Dependent Benefits)	Benepisyo ng Pamilya (Mga Benepisyo ng Dependent)	<p>Kapag karapat-dapat ka para sa mga benepisyo sa pagreretiro o kapansanan, maaaring makatanggap ng mga benepisyo sa rekord mo ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • asawa kung hindi siya bababa sa 62 taong gulang (o anumang edad ngunit nag-aalaga sa isang anak na may karapatan ng asawang namatay na wala pang 16 taong gulang o may kapansanan); • mga anak kung wala silang asawa at wala pang 18 taong gulang, o wala pang 19 taong gulang at isang full-time na estudyante sa elementarya o sekondarya; • mga anak na 18 taong gulang pataas ngunit nagkaroon ng kapansanan bago ang edad na 22; • mga dating asawa na 62 taong gulang pataas.
Family Maximum	Maximum ng Pamilya	Ang pinakamataas na halaga ng mga benepisyong babayaran sa isang buong pamilya sa rekord ng sinumang manggagawa.

Term	Tuntunin	Paliwanag
FICA Tax	Buwis sa FICA	Ang ibig-sabihin ng FICA ay “Federal Insurance Contributions Act.” (Batas sa mga Kontribusyon ng Pederal na Insurance) Ito ang buwis na binabawas mula sa suweldo o kita mo sa sariling pagtatrabaho na nagpopondo sa mga programa ng Social Security at Medicare.
Full Retirement Age	Buong Edad ng Pagreretiro	<p>Ang edad kung saan maaaring unang maging karapat-dapat ang isang tao sa buo o hindi pinababang mga benepisyo batay sa edad.</p> <p>Para sa mga manggagawa at asawang ipinanganak noong 1938 pataas at mga byudo/byuda na ipinanganak noong 1940 pataas, unti-unting nadaragdagan ang buong edad ng pagreretiro mula 65 taong gulang hanggang sa umabot ito ng 67 taong gulang para sa</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga manggagawa at asawa sa taong 2027 • Mga byudo at byuda sa taong 2029. <p>Nakakaapekto ang dagdag na ito sa halaga ng pagbawas para sa mga taong nagsimulang makatanggap ng pinababang mga benepisyo. Para sa impormasyon tungkol sa taon na ipinanganak ka, basahin ang “Buong edad ng pagreretiro.”</p>
Insured Status	Istado na May Insurance	Kung nagtrabaho ka at nakakuha ng sapat na mga kredito sa Social Security para maging karapat-dapat sa mga benepisyo sa pagreretiro o kapansanan o binigyang-daan ang mga dependent mo na maging karapat-dapat sa mga benepisyo dahil sa iyong pagreretiro, kapansanan, o kamatayan, mayroon kang istado na may insurance.
Lawful Alien Status	Istado na Banyaga Ayon sa Batas	Tumutukoy sa mga taong natanggap sa US na binigyan ng permanenteng awtorisasyon na magtrabaho ng United States Citizenship and Immigration Services (Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos) (USCIS) (dating INS) o natanggap sa US sa pansamantalang batayan ng USCIS (INS) na magtrabaho.
Lifetime Earnings “Earnings Record”	Buong Buhay na Kita “Rekord ng Kita”	Isang kronolohikal na kasaysayan ng halaga ng perang kinita mo bawat taon habang nagtatrabaho ka. Mananatili ang mga kredito na nakuha mo sa Social Security record mo kahit na lumipat ka ng trabaho o walang kinita.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Lump Sum Death Payment	Lump Sum na Kabayaran sa Kamatayan	Isang beses na pagbabayad ng \$255 na binayad bilang karagdagan sa anumang buwanang benepisyo ng mga nakaligtas na dapat bayaran. Binabayaran lamang ang benepisyong ito sa byudo/byuda mo o menor de edad na mga anak.
Maximum Earnings	Maximum na Kita	Ang maximum na halaga ng kita na mabibilang namin sa anumang taon ng kalendaryo kapag kinakalkula ang benepisyo mo sa Social Security.
Medicaid	Medicaid	Isang pinagsama na programang pederal at estado na tumutulong sa mga gastusing medikal para sa mga taong may mababang kita at limitadong mapagkukunan. Iba-iba ang mga programa ng Medicaid sa bawat estado, ngunit sinasaklaw ang karamihan sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan kung kwalipikado ka sa Medicare at Medicaid.
Medicare (Health Insurance)	Medicare (Insurance ng Kalusugan)	Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa: <ul style="list-style-type: none"> • mga 65 taong gulang pataas; • ilang mga nakababatang tao na may mga kapansanan; at mga taong may permanenteng pagpalya ng bato na may dialysis o transplant, tinatawag kung minsan na End-Stage Renal Disease (ESRD).
Month of Election	Buwan ng Pagpili	Karaniwan itong nalalapat sa mga claim ng pagreretiro. Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari mong piliin ang buwan kung saan magsisimula ang mga benepisyo mo.
Normal Retirement Age	Normal na Edad ng Pagreretiro	Tignan ang “Buong Edad ng Pagreretiro.”
Number Holder	Numero ng May hawak	Tignan ang “Manggagawa.”
Nutrition Assistance Programs	Programang Tulong sa Nutrisyon	Ang programa ng U. S. Department of Agriculture (Kagawaran ng Pagsasaka ng U. S.) na tumutulong sa pagbili ng pagkain ng mga nangangailangang pamilya.

Term	Tuntunin	Paliwanag								
OASDI (Old Age Survivors and Disability Insurance)	OASDI (Old Age Survivors and Disability Insurance, Insurance ng mga May Edad na Nakaligtas at May Kapansanan)	<p>Ang mga programa ng Social Security na nagbibigay ng benepisyo ng buwanang pera sa mga manggagawa at sa kanilang mga dependent kapag magretiro, mamatay, o mabaldado sila.</p>								
Payment Dates for Social Security Benefits	Petsa ng Pagbabayad sa Mga Benepisyo sa Social Security	<p>Kung nag-aplay ka para sa mga benepisyo ng Social Security bago ang Mayo 1, 1997, karaniwang ibibigay ang iyong bayad sa ika-3 ng buwan ng kasunod na buwan. Halimbawa, ibibigay sa ika-3 ng Pebrero ang bayad para sa Enero.</p> <p>Kung Sabado, Linggo o Federal holiday ang ika-3 ng buwan, ibibigay ang iyong bayad sa unang araw bago ang ika-3 ng buwan na hindi Sabado, Linggo o Federal holiday. Halimbawa, kung isang Sabado o Linggo ang ika-3, ibibigay ang bayad sa naunang Biyernes.</p> <p>Kung nag-file ka para sa mga benepisyo ng Social Security sa Mayo 1, 1997 pataas, itinalaga sa iyo ang isa sa tatlong bagong araw ng pagbabayad batay sa petsa ng kapanganakan:</p> <table border="1" data-bbox="667 1119 1479 1501"> <thead> <tr> <th data-bbox="667 1119 1073 1213">Kung ipinanganak ka sa...</th> <th data-bbox="1073 1119 1479 1213">Ibibigay ang iyong bayad sa...</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td data-bbox="667 1213 1073 1308">Ika-1 hanggang ika-10 ng buwan</td> <td data-bbox="1073 1213 1479 1308">Ikalawang Miyerkules ng buwan</td> </tr> <tr> <td data-bbox="667 1308 1073 1402">Ika-11 hanggang ika-20 ng buwan</td> <td data-bbox="1073 1308 1479 1402">Ikatlong Miyerkules ng buwan</td> </tr> <tr> <td data-bbox="667 1402 1073 1501">Ika-21 hanggang katapusan ng buwan</td> <td data-bbox="1073 1402 1479 1501">Ikaapat na Miyerkules ng buwan</td> </tr> </tbody> </table> <p>Kung isang Federal holiday ang iyong nakaiskedyul na araw ng pagbabayad sa Miyerkules, ibibigay namin ang iyong bayad sa naunang araw na hindi isang Federal legal holiday.</p>	Kung ipinanganak ka sa...	Ibibigay ang iyong bayad sa...	Ika-1 hanggang ika-10 ng buwan	Ikalawang Miyerkules ng buwan	Ika-11 hanggang ika-20 ng buwan	Ikatlong Miyerkules ng buwan	Ika-21 hanggang katapusan ng buwan	Ikaapat na Miyerkules ng buwan
Kung ipinanganak ka sa...	Ibibigay ang iyong bayad sa...									
Ika-1 hanggang ika-10 ng buwan	Ikalawang Miyerkules ng buwan									
Ika-11 hanggang ika-20 ng buwan	Ikatlong Miyerkules ng buwan									
Ika-21 hanggang katapusan ng buwan	Ikaapat na Miyerkules ng buwan									

Term	Tuntunin	Paliwanag
Payment Dates for Supplemental Security Income Payments	Petsa ng Pagbabayad para sa mga Pagbabayad ng Supplemental Security Income	Ang mga pagbabayad sa Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) ay karaniwang ibinibigay sa unang araw ng buwan kung kailan dapat bayaran ang mga ito. Gayunpaman, kapag nataon ang unang araw sa Sabado, Linggo o Federal holiday, ibibigay ang mga ito sa unang araw bago ang una ng buwan na hindi Sabado, Linggo o Federal holiday.
PIA (Primary Insurance Amount)	PIA (Primary Insurance Amount, Pangunahing Halaga ng Insurance)	Ang buwanang halagang babayaran kung isa kang retirado na manggagawa na nagsimulang makatanggap ng mga benepisyo sa buong edad ng pagreretiro o kung ikaw ay may kapansanan at hindi kailanman nakatanggap ng benepisyo sa pagreretiro na pinababa para sa edad.
Proofs	Katibayan	Tingnan ang “Ebidensya.”
Protective Filing Date	Petsa ng Paghahain ng Proteksyon	Ang petsa kung kailan una kang nakipag-ugnayan sa amin tungkol sa paghahain ng mga benepisyo. Maaaring gamitin ito para magtatag ng mas maagang petsa ng aplikasyon kaysa noong natanggap namin ang nilagdaan mong aplikasyon.
QC (Quarter of Coverage)	QC (Quarter of Coverage, Quarter ng Saklaw)	Tingnan ang “Mga Kredito, (Mga Kredito sa Social Security).”
Reduction Months	Buwan ng Pagbabawas	Mga buwan na nagsisimula sa unang buwan na may karapatan ka sa mga pinababang benepisyo hanggang sa, ngunit hindi kasama, ang buwan kung saan naabot mo ang buong edad ng pagreretiro.
Representative Payee	Kinatawan na Nagbabayad	Kung nakatanggap ka ng mga benepisyo sa Social Security o Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) at hindi mo magawang pangasiwaan ang sarili mong mga usapin sa pananalapi, kami (pagkatapos ng masusing pagsisiyasat) ay magtatalaga ng isang kamag-anak, kaibigan, o interesadong partido para pangasiwaan ang mga usapin sa Social Security mo. Kinakailangan ang mga kinatawan na nagbabayad para magpanatili ang kumpletong mga rekord ng accounting at pana-panahong magbigay ng mga ulat sa Social Security.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Retirement Age – Full Benefits	Edad ng Pagreretiro – Mga Buong Benepisyo	Ang buong edad ng pagreretiro ay 65 sa loob ng maraming taon. Gayunpaman, simula sa taong 2000 (para sa mga trabahador at asawang isinilang noong 1938 pataas, o mga byudo o biyuda na ipinanganak noong 1940 pataas), unti-unting nadaragdagan ang edad ng pagreretiro mula 65 taong gulang hanggang sa umabot ito sa 67 taong gulang sa taong 2022.
Retirement Age – Minimum	Edad ng Pagreretiro – Minimum	Ang minimum na edad sa pagreretiro—62 taong gulang para sa mga trabahador, at 60 taong gulang para sa mga byudo o byuda. Maaari kang pumili ng pinababang benepisyo anumang oras bago mo maabot ang buong edad ng pagreretiro.
Retirement Earnings Test	Pagsusulit sa Kita sa Pagreretiro	Kung nakatanggap ka ng buwanang mga benepisyo ng Social Security bago ang iyong buong edad ng pagreretiro at trabaho, hindi maaaring lumampas ang mga kita mo mula sa sahod at/o sariling pagtatrabaho sa isang tiyak na halaga nang hindi binabawasan ang buwanang mga benepisyo mo.
Retroactive Benefits (Back Pay)	Retroaktibong mga Benepisyo (Balik Bayad)	Mga buwanang benepisyo na maaaring matanggap mo bago ang buwan na aktwal kang mag-aplay, kung natutugunan mo ang mga kinakailangan.
Retirement Benefit	Benepisyo sa Pagreretiro	Pera na babayaran sa iyo sa pagreretiro kung may sapat kang mga kredito sa Social Security.
Self-employment Income	Kita sa sariling pagtatrabaho	Ikaw ay sariling nagtatrabaho kung nagpapatakbo ka ng isang kalakalan, negosyo o propesyon, isang indibidwal o isang kasosyo, at may net na kita na \$400 o higit pa sa isang taon na nabuwisan.
Social Security	Social Security	Nakabatay ang Social Security sa isang simpleng konsepto: Habang nagtatrabaho ka, magbabayad ka ng mga buwis sa Social Security system, at kapag magretiro ka o mabaldado, ikaw, ang iyong asawa o dependent na mga anak ay makakatanggap ng buwanang mga benepisyo na batay sa iniulat mong kita.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Social Security Number (Social Security Card)	Numero ng Social Security (Card ng Social Security)	Ang iyong una at tuloy-tuloy na link sa Social Security ay ang iyong siyam na digit na numero ng Social Security. Nakakatulong ito sa amin na mapanatili ang isang tumpak na rekord ng iyong mga sahod o kita sa sariling pagtatrabaho na saklaw sa ilalim ng Social Security Act (Batas ng Social Security), at para subaybayan ang rekord mo sa sandaling magsimula kang makakuha ng mga benepisyo sa Social Security.
Social Security Office	Tanggapan ng Social Security	<p>Maaari mong tawagan ang aming walang bayad na numero ng telepono, 1-800-772-1213, upang makatanggap ng mga serbisyo ng Social Security. Ang aming TTY na numero ay 1-800-325-0778. Available ang walang bayad na serbisyong numero ng telepono na ito mula 7 a.m. hanggang 7 p.m. sa anumang araw ng negosyo. Kumpidensyal ang lahat ng tawag.</p> <p>Tignan ang aming Social Security Office Locator (Locator ng Tanggapan ng Social Security) para sa address ng lokal na tanggapan ninyo. Bilang karagdagan, maraming serbisyo ang available na ngayon sa pamamagitan ng Internet Walang bayad ang alinman sa aming mga serbisyo.</p>
Spouse	Asawa	<p>Ikaw ang asawa ng manggagawa kung, noong nag-aplay siya para sa mga benepisyo ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • ikaw at ang trabahador ay kasal; o • magkakaroon ka ng istado na asawa sa personal na ari-arian ng taong iyon kung wala silang will; o • totoong ikinasal kayo, na magiging balido maliban sa isang legal na hadlang.
SS-5	SS-5	Aplikasyon para sa Card ng Social Security.
Supplemental Security Income	Supplemental Security Income (SSI)	Ang Supplemental Security Income (Karagdagang Kita sa Seguridad) ay isang programang pederal sa karagdagang kita na pinondohan ng general tax revenues (hindi mga buwis sa Social Security). Tinutulungan nito ang mga may edad, bulag, at may kapansanan na may limitadong kita at mga mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbibigay ng buwanang bayad na pera para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan para sa pagkain, damit, at tirahan.

Term	Tuntunin	Paliwanag
Survivors Benefits	Benepisyo ng mga Nakaligtas	<p>Ang mga benepisyong batay sa mga rekord mo (kung mamamatay ka) ay babayaran sa iyong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Byudo/byuda na 60 taong gulang pataas, 50 taong gulang pataas kung may kapansanan, o anumang edad kung nag-aalaga ng bata na wala pang 16 taong gulang o nagkaroon ng kapansanan bago ang edad na 22; • mga anak, kung wala silang asawa at wala pang 18 taong gulang, wala pang 19 ngunit nag-aaaral pa rin, o 18 taong gulang pataas ngunit nagkaroon ng kapansanan bago ang edad na 22; at • mga magulang , kung nagbigay ka ng hindi bababa sa kalahati ng kanilang suporta. <p>Maaari ding maging karapat-dapat ang dating asawa para sa benepisyo ng biyudo/byuda sa rekord mo.</p> <p>Maaaring ibigay sa asawa mo o menor de edad na mga anak ang espesyal na isang beses na lump sum na bayad na \$255.</p>
Wage Earner	Manggagawa	<p>Isang taong kumikita ng mga kredito sa Social Security habang nagtatrabaho para sa sahod o kita sa sariling pagtatrabaho. Tinutukoy kung minsan bilang “May Hawak Ng Numero” o “Trabahador.”</p>
Wages	Sahod	<p>Lahat ng bayad para sa mga serbisyong ginawa para sa isang employer. Hindi kailangang pera ang mga sahod. Itinuturing ding sahod ang halaga ng pera ng lahat ng kabayaran ibinayad sa isang empleyado sa anumang anyo maliban sa pera, maliban kung partikular na hindi saklaw ang paraan ng pagbabayad sa ilalim ng Social Security Act (Batas ng Social Security).</p>
Widow	Balo	<p>Ikaw ay byudo/byuda ng trabahador kung, sa oras na namatay siya ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Balido ang kasal ninyo ng trabahador; o • magkakaroon ka ng istado na asawa sa personal na ari-arian ng taong iyon kung wala siyang will; o • Totoong ikinasal kayo na magiging balido maliban sa isang legal na hadlang. <p>Ang minimum na edad para sa mga benepisyo ng mga balo ay 60 taong gulang, o 50 kung may kapansanan.</p>

Term	Tuntunin	Paliwanag
Widower	Byudo	Tignan ang “Balo.”
Work Credits	Kredito sa Trabaho	Tignan ang “Kredito.”
Worker	Trabahador	Tignan ang “Manggagawa.”



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration
September 2020

Glossary ng Mga Tuntunin ng Social Security
Glossary of Social Security Terms (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense

Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito